## Ang Batang Mabait ay Pagpapalain

Sa aming tahanan
Ay aking pinakikinggan
Payo at habilin ng
Aking mga magulang

Maging matulungin sa aking kapwa
Kahit may kapalit man o wala
Sa aming paaralan
Ay aking pinakikinggan

Mga habilin at payo
Nang aking mahal na guro
Sa lahat ng gagawin
Ay lagi ko raw iisipin

Gatimpala ng Diyos ay aking kakamtin
Tamang daan ay 'wag ko raw limutin
Sapagkat ang mabait na bata
Laging pinagpapala

Source: Ang Batang Mabait Ay Pagpapalain | PDF

**Panuto: Basahin nang tahimik ang tula.**

**Panuto: Isulat ang angkop na katugmang salitang ibinigay.**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | **tahanan** | = |
| 2. | **kapwa** | = |
| 3. | **paaralan** | = |
| 4. | **payo** | = |
| 5. | **gagawin** | = |
| 6. | **kakamtin** | = |
| 7. | **bata** | = |



LIVEWORKSHEETS